

Mga Aksyon

Ilang mga aksyon upang makipag-ugnayan at makilahok sa komunikasyon.

Ang mga aksyon na ito ay nabuo mula sa pananaliksik na isinagawa na kabilang ang mga komunidad noong taong 2012.

Magbigay katugunan (feedback) sa mga ahensya tungkol sa kanilang komunikasyon sa iyong komunidad at ipaalam sa kanila na ang pagmemensahe nila ay gumagana nang maayos.

Makibahagi sa mga regular na pagpupulong/pagtitipon ng komunidad, sa personal man o sa online.

Ipamahagi ang iyong mga kaalaman sa iyong komunidad.

Alamin kung sino ang maaaring nangangailangan ng dagdag na tulong sa iyong komunidad at siguruhing nasusuportahan sila.



Magkaroon ng nakalatag na plano para sa pamilya/komunidad kung sakaling may sakuna (emergency).

Kilalanin ang iyong mga kapitbahay;

Magtatag ng magandang relasyon sa iyong komunidad;

Alamin ang mga taong gustong makilahok at mag-ambag para sa kabutihan ng lahat.

Kilalanin ang iyong mga pinuno sa komunidad at ang mga tao sa mahahalagang lokal na ahensya ng gobyerno na maaari mong matawagan.

Pilipino | Tagalog

Marso 2021 | March 2021

www.cling.nz

CLING 
Community Languages
Information Network Group

Ang mga suhestiyon na ito ay makatutulong sa iyo at sa iyong komunidad na makakuha ng mga materyales (resources) sa iyong lengguwahe/wika:

Mayroon kang karapatan na makakuha ng impormasyon at humiling ng tagapagsalin (interpreter) kapag makikipag-usap ka sa ahensya ng gobyerno – siguruhing hilingin ang serbisyo na ito kapag kailangan mo.

Alamin kung saan mahahanap ang opisyal na impormasyon sa mga website dahil ilan sa mga materyales (resources) na ito ay naisalin na sa iyong lengguwahe.



Umugnay sa social media (Facebook, Twitter, Instagram) ng iyong organisasyon, at suriin ang mga pahayagan/peryodiko ng komunidad.

Ipamahagi ang iyong mga kaalaman sa iyong komunidad.

Makinig sa iyong lokal na istasyon ng radyo sa komunidad (community access radio station) dahil mayroon silang mga nilalaman na nakasalin sa maraming lengguwahe bukod sa Ingles.



Tandaan na ang pagkakaroon ng mga magagandang relasyon ay mahalaga sa pang araw-araw na pamumuhay at sa oras ng krisis.